COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-10 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

SIMULA NGAYONG WEEKEND, ANG MGA LOKASYON NG PAGBOTO AY BUKAS NG APAT NA ARAW

Hindi na ninyo kailangan maghintay hanggang sa Araw ng Eleksyon para bumoto ng in-person. Ang mga botante ay maaaring samantalahin ang maagang pagboto sa isa sa 221 na mga lokasyon ng pagboto sa buong county, Sabado, Ika-11 ng Setyembre hanggang Lunes, Ika-13 ng Setyembre mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.

Ang mga oras sa mga botohan at sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay mababago mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, Ika-14 ng Setyembre.

Ang mga botante ay hindi maa-assign sa isang lokasyon ng pagboto sa eleksyong ito. Maaari ninyong bisitahin ang isa sa alinmang mga lokasyon ng pagboto sa County at botohan ang inyong balota.

Lahat ng mga in-person na botante sa eleksyon na ito ay gagamit ng **mga ballot marking device**. Ang botante ay gagamit ng touch screen para makapamili ng kanilang mga seleksyon. At pagkatapos, ang botante ay magpi-print ng papel na balota kasama ang kanilang mga napili. Maaaring suriin ng botante ang balota at ilagay ito sa opisyal na kahon ng balota para maibilang sa opisina ng Tagapagrehistro sa gabi ng eleksyon. Ang device na ito ay hindi nag-iipon, nagta-tabulate, o nagbibilang ng alinmang mga boto.

Ang mga ballot marking device ay ganap na sumusunod sa Amercians with Disabilities Act, at bilang karagdagan sa English, ang mga botante ay maaaring makapamili sa isinaling balota sa isa sa mga apat na wikang sakop ng pederal sa County: Spanish, Filipino, Chinese at Vietnamese.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-10 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay naglagay ng mga protocol para makatulong maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa sa eleksyon, mga botante, at mga taga-obserba sa opisina ng Tagapagrehistro, mga lokasyon ng pagboto, at sa mga lokasyon ng mail ballot drop-off. Kasama dito ang mga:

- Ang lahat ng mga hindi bakunadong botante, mga taga-obserba, at mga manggagawa sa eleksyon ay kinakailangang magsuot ng mga pantakip sa mukha. Ang mga accommodation sa labas ng gusali ay gagawing available para sa mga botanteng hindi makakasuot ng isa.
- Ang lahat ng mga bakunadong botante, mga taga-obserba, at mga manggagawa sa eleksyon ay mahigpit na hinihikayat na magsuot ng mga pantakip sa mukha.
- Ang hand sanitizer ay agarang available rin kapag pumapasok at lumalabas ng pasilidad.
- Ang mga mask at glove ay available para sa lahat ng mga bisita.
- Ang mga plexiglass barrier ay ginagamit sa opisina ng Tagapagrehistro at lahat ng mga lokasyon ng pagboto.
- Kontroladong landas sa paglalakbay kapag papasok at lalabas.
- Kadalasang nahahawakan na mga bagay o mga surface ay regular na lilinisin at idi-disinfect.

Ang ilang mga lokasyon, kagaya ng mga paaralan, ay magrerequire na magsuot ng pantakip sa mukha. Maaari ninyong i-check kung anong mga lokasyon ang nagrerequire ng mga pantakip sa mukha bago kayo pumunta. Kung nakalimutan ninyo ang inyong pantakip sa mukha, ang mga manggagawa sa botohan ay mayroon para bigyan kayo ng isa. Ang mga botanteng hindi makakapagsuot ng pantakip sa mukha ay maaaring makaboto sa labas.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-10 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Tandaan na ang pangangampanya o electioneering sa loob ng 100 na talampakan sa lokasyon ng pagboto o lokasyon ng mail ballot drop-off ay hindi pinapahintulutan. Kasama dito ang nakikitang display o pagpapakalat ng impormasyon gamit ang audio na nagtataguyod para o laban sa sinumang kandidato o katanungan sa balota.

Ang mga botante ay makakatipid pa rin ng pagpunta at makakamarka ng kanilang balota mula sa tahanan. Siguraduhing i-sign at petsahan ang sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito sa isang lokasyon ng mail ballot drop-off o lokasyon ng pagboto.

Maaari ninyong makumpirma ang inyong balota kung natanggap ng opisina ng Tagapagrehistro sa sdvote.com.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa pagboto sa papalapit na recall na eleksyon, bisitahin ang sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 Pacific Highway, Room 208 · San Diego, Ca 92101-2472